

## Paraan ng Pamamahala sa Kaligtasan (Safety Culture)

*Ang matibay na safety culture ay mayroong epekto sa buong organisasyon, ngunit kailangan itong pangunahan mula sa itaas pababa at nang sa gayon ay pahahalagahan ng lahat ang paggawa ng mga bagay sa ligtas na paraan.*

Ang matibay na safety culture sa isang organisasyon ay itinataguyod ang higit pa sa kaligtasan; nagbebenepisyo rito ang kumpiyansa at pananatili ng manggagawa, pag-uugali sa organisasyon, dami ng nagagawa at pananagutan. Ang matibay na safety culture ay mayroong iisang pinakamalaking epekto sa pagbawas ng insidente sa lugar ng trabaho.

Kapag alam ito, dapat bigyan ng nangungunang prayoridad ang pagbuo ng matibay na safety culture para sa anumang kumpanya at nagsisimula ito sa itaas pababa. Hindi naman sa pinangangasiwaan ng mga nasa mataas na posisyon ang mga ginagawa ng lahat ng iba pang kasama sa organisasyon; ito ay ang pagkilala ng namumuno sa organisasyon sa kaligtasan bilang paraan para gawin ang mga bagay-bagay. Ang paggawa sa ligtas na paraan ay ang pamantayang pamamaraan ng paggawa sa organisasyon. Kapag nakikita ito ng iba, nagiging bahagi ng kultura ng organisasyon ang kaligtasan.

Paano natin matutukoy ang kultura?

Ang kultura ay maaaring matukoy bilang karaniwang pangkat ng mga pagpapahalaga, tradisyon, paniniwala, interaksyon, pag-uugali, at mga saloobin na ibinabahagi ng isang organisasyon.

Sinasabi ng SAFE Work Manitoba na ang positibong safety culture ay *“umiiral kapag naiimpluwensiyahan at hinihikayat ng pangkat ng mga parehong pagpapahalaga at paniniwala tungkol sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho ang mga kasanayan para sa pag-iwas ng mga pinsala at sakit sa lugar ng trabaho.”* Ang positibong safety culture sa lugar ng trabaho ay nanghihikayat ng talent, nanghihikayat ng pakikibahagi, nakakaapekto sa kasiyahan at satisfaction, at nakakaapekto sa performance.

Ano ang magagawa natin bilang mga pinuno?

Bilang pinuno, maraming oras ang ginugol mo sa iyong team. Kapag nakikipagtulungan sa kanila, tiyaking ipapakita mo ang mga sumusunod na pag-uugali para bigyang-diin na ang ligtas na paraan ay ang tanging paraan para gawin ang mga bagay-bagay sa inyong organisasyon:

- Magsilbing halimbawa
  - Ang iyong impluwensiya sa kung paano ginagawa ang mga bagay-bagay ay malamang mas malayo ang nararating kaysa sa iniisip mo. Kung gusto mong magtrabaho nang ligtas ang iyong team, kailangan mong magtrabaho nang ligtas.
- Makinig at matuto
  - Kung mayroong mga alalahanin sa kaligtasan ang mga miyembro ng iyong team, magkasama itong tugunan: i-assess ang panganiib at maghanap ng mas ligtas na paraan.
- Makipag-usap nang malinaw
  - Kung may nakita kang isang bagay na ginawa sa hindi ligtas na paraan, linawin na hindi ito ligtas at ipakita kung paano dapat gawin ang pamamaraan na iyon sa susunod.
- Tanggapin ang responsibilidad
  - Kung mayroong alalahanin, huwag lang itong ipasa sa ibang tao o departamento. Responsibilidad ng lahat ang kaligtasan, at sa pamamagitan

ng pagtugon sa alalahanin (kahit na hindi mo ito departamento), nililina mo na binibigyan ng prayoridad ang kaligtasan.

- Isama ang lahat
  - Kasama ang lahat sa safety culture. Hindi ito para lang sa isang departamento o grupo ng nagtatrabaho; ito ay para sa lahat ng kasama sa organisasyon. Kaya, tiyaking kasama ang lahat ng nasa team.
- Pagsumikapan ang pagiging tunay
  - Sa pagsisilbi bilang halimbawa, iwasan ang “gawin ang sinabi ko, hindi kung paano ko ito ginagawa” at tiyaking pipiliin mo ang ligtas na paraan.

Mayroong mga mapagkukunan na magagamit para ma-assess ang safety culture sa iyong organisasyon. Kasama sa ilang tool sa survey ang

- [Pag-assess ng Safety Culture](#) (SAFE Work Manitoba),
- [Pagsusuri sa Kultura: Mga Pinakamagandang Kasanayan para Mapaganda ang Safety Culture sa Iyong Lugar ng Trabaho](#) (SAFE Work Manitoba)

Karagdagang Pagbabasa

- [Safety Culture at Safety Climate: Ano ang Pagkakaiba?](#) (Jobsite)
- [Bakit nangangahulugan sa mas ligtas na mga kondisyon sa trabaho ang PPE na ginawa para sa mga babae](#) (OHS Canada)

Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!

Ang safety culture ay maaaring maitatag at magawa ng mga employer at pamununan sa pagsisilbing bilang halimbawa. Ang ilan sa mga kursong ibinibigay ng RPM kaugnay sa pamumuno ay kinabibilangan ng Principles of Safety & Health Management (Mga Prinsipyo ng Pamamahala ng Kaligtasan at Kalusugan), Safety and Health Leadership (Pamumuno sa Kaligtasan at Kalusugan), Safety for Supervisors (Kaligtasan para sa mga Supervisor), at Train the Trainer – Theory (Sanayin ang Tagasanay – Teorya).

Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula! Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa [info@rpmsafety.ca](mailto:info@rpmsafety.ca) o pagtawag sa 204-632-6600, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na [www.rpmsafety.ca](http://www.rpmsafety.ca).



**» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.**

Telepono: 204-632-6600 | Email: [info@rpmsafety.ca](mailto:info@rpmsafety.ca) | Web: [www.rpmsafety.ca](http://www.rpmsafety.ca)

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5